Republic of the Philippines
Department of Education
National Capital Region
Schools Division Office of Las Piñas City

# LEARNING ACTIVITY SHEETS

## ARALING PANLIPUNAN 6

## THIRD QUARTER

**Panuto: Basahin at unawain ang bawat tanong.Itiman ang bilog ng letra ng tamang sagot sa sagutang papel.**

1. Alin sa sumusunod ang **hindi** pangunahing suliranin ng Ikatlong Republika?
   A. pagtigil ng paggawa
   B. paglobo ng populasyon
   C. paglaganap ng mga sakit
   D. pagbagsak ng ekonomiya

2. Kaninong liderato ang nagnais solusyunan kung paano muling ibabangon ang mga nasira ng digmaan?
   A. Roxas
   B. Quirino
   C. Garcia
   D. Magsaysay

3. Ano ang ipinahayag ng US noong ika-4 ng Hulyo 1946 kasabay ang simbolikong pagtataas ng watawat ng Pilipinas at pagbababa ng watawat ng US sa Independence Grandstand?
   A. Kalayaan ng Pilipinas
   B. Pagsuko sa mga Hapones
   .C. Digmaan laban sa mga Hapones
   D. Pagbibigay ng tulong sa kanluraning mga bansa

4. Ano ang nilalaman ng *Treaty of General Relations*?
   A.Binawi at isinuko ng Amerika ang lahat ng pag-aari pangangasiwa,pananakupan, at kapangyarihan sa buong kapuluan ng maliban sa mga base militar nila sa bansa.
   B. Pagkakaloob ng Amerika ng $20 M bilang tulong sa Pilipinas upang magamit sa pagtatayong muli ng kabuhayan ng bansa.
   C. Magpapadala ng tulong teknikal ang Amerika sa bansa.
   D. Ipatutupad ang malayang kalakalan sa pagitan ng Pilipinas at Amerika.

5. Anong ang itinuturing na pinakamalaking labanang pandagat sa kasaysayan ng ikalawang digmaang pandaigdig?
   A.Battle of Leyte Gulf
   B.Battle of manila Bay
   C.Battle of Pacific Ocean
   D.Battle of Pangasinan Gulf

6. Ano ang tawag sa mga Pilipinong nakipagsabwatan o nakipagtulungan sa mga Hapones sa pagsakop sa bansa?
   A. Activista
   B. kempeitai
   C. Demonstrador
   D. Collaborator/makapili

Gabaldon Bldg., Brgy. Elias Aldana,
Padre Diego Cera Avenue, Las Piñas City
(02) 8-835-9030 | (02) 8-822-3840
laspinas.city@deped.gov.ph www.depedlaspinas.ph

LIVEWORKSHEETS

7. Ang Pilipinas matapos ang ikalawang digmaang pandaigdig ay humarap sa mga hamon ng mga sumusunod, maliban sa isa. Alin ito?
   A. Neolonyalismo
   B. Colonial mentality
   C. Mga kasunduan sa pagitan ng Pilipinas at US
   D. Naging matatag at hindi na umasa ang Pilipinas sa US

8. Sa iyong palagay, anong suliranin ang kinakaharap natin sa kasalukuyan ang nauugat sa bahagi ng ating kasaysayan?
   A. pantay na pribilehiyo
   B. karapatan sa pagmamay-ari
   C. nagkakaisang pamamahala sa pamahalaan
   D. kahirapan, kaguluhan at kawalan ng katarungan

9. Sila ang may nakaatang na tungkuling ipagtanggol ang estado kung hinihingi ng pagkakataon.
   A. mga sundalo
   B. mga estudyante
   C. mga kalalakihan
   D. mga mamamayan

10. Anong patakaran ang tinutukoy ang ipinasa sa Kongreso ng Estados Unidos upang maglaan ng pondo bilang bayad-pinsala sa mga nawasak sa Pilipinas?
   A.Parity Rights
   B.Military Bases
   C.Bell Trade act
   D.Rehabilitation Act

11. Paano nakaapekto sa buhay ng mga Pilipino ang pagkakaroon ng Base-Militar ng Amerika sa Pilipinas?
   I. Naging mayaman ang mga mamayang Pilipino dahil sa dolyar na dinadala dito.
   II. Karamihan sa mga Pilipinong nakatira sa malapit sa base ay nagkaroon ng hanapbuhay.
   III. Napaunlad ang kakayahan sa pakikipaglaban ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas.
   IV. Nakapag-asawa ang mga Pilipina ng mga sundalo

   A. I ay tama
   B. II at III
   C. II, III, at IV
   D. II at IV

12. Alin sa mga sumusunod ang DI- magandang epekto ng pagkakaroon ng *Military Agreement* sa Amerika?
   A. Naging mahusay ang mga Pilipinong mandirigma
   B. Nabigyan ng maraming sandata ang Hukbong Sandatahan ng Pilipinas
   C. Maraming Pilipinong sundalo ang naiangat ang kaalaman sa pakikipaglaban.
   D.Nasasali tayo sa mga usaping panseguridad sa loob at labas ng bansa na may kaugnayan sa Amerikano



LIVEWORKSHEETS

13. Ang mga sumusunod ay hindi patas na kasunduang pinasok ng Pilipinas sa pag-uudyok ng US. Alin ang hindi kasama?
    A. Parity rights
    B. Treaty of Paris
    C. Bell Trade Relations Act
    D. Tydings Rehabilation Act

14. Paano nakaapekto sa kasarinlan ng Pilipinas ang pagiging malapit ng bansa sa mga Amerikano?
    A. nanatili pa rin ang impluwensya ng mga Amerikano sa Pilipinas
    B. nanatiling nakasandal ang ekonomiya ng Pilipinas sa Amerika
    C. Nasasangkot tayo sa mga usaping panseguridad sa loob at labas ng bansa
    D. lahat ng mga nabanggit

15. Ano ang kahulugan ng soberanya?
    A. kayamanan
    B. katungkulan
    C. pagkamatapat
    D. kapangyarihan

16. Ano ang natamong ganap noong Hunyo 12, 1898 na kinikilala ng mga Pilipino para sa ating bansa?
    A. Kalayaan mula sa mga Intsik
    B. Kalayaan mula sa mga Kastila
    C. Kalayaan mula sa mga Hapones
    D. Kalayaan mula sa mga Amerikano

17. Ano-ano ang inilalarawan sa tatak ng bansang Pilipinas?
    A. Agila
    B. leon
    C. araw at tatlong bituin
    D. lahat ng nabanggit

18. Ano ang kumakatawan sa tatlong bituin?
    A. Luzon
    B. Visayas
    C. Mindanao
    D. lahat ng nabanggit

19. Ano ang katangian ng bansang nagsasarili tulad ng Pilipinas?
    A. pansarili at lubos
    B. malawak na saklaw
    C. palagian at walang taning na panahon
    D. lahat ng nabanggit

20. Kailan masasabi na ang isang bansa ay malaya
    A. isang ganap na malaya
    B. may kalayaang kinikilala ng ibang bansa
    C. may kapangyarihan mamamahala sa nasasakupan
    D. lahat ng nabanggit

21. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng soberanyang panloob?
    A. pantay na pribileheyo
    B. pagpapatupad sa sariling batas
    C. pakikialam sa suliranin sa Tsina
    D. pag-angkin sa teritoryo ng karatig bansa



LIVEWORKSHEETS

22. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng soberanyang panlabas?
    A. tumutukoy sa kasarinlan ng bansa
    B. ang mamamayan ng bansang estado ang nagpapalakad ng pamahalaan
    C. itinataguyod o isinusulong ang lahat ng gawain sa bansa nang walang pagsakop o pamamahala ng ibang bansa
    D. wala sa nabanggit

23. Anong ang tawag sa karapatan ng bawat estado na pangasiwaan o pamahalaan ang sarili?
    A.Kalayaan
    B.pagmamay-ari
    C.kapangyarihan
    D.pantay na pribileheyo

24. Sino ang maaaring magtanggol sa ating bansa sa oras ng digmaan?
    A. lahat ng Pilipino
    B. mga piling mamamayan
    C. mga pinuno sa pamahalaan
    D. mga mamamayang may 21 taong gulang

25. Aling ahensiya ng pamahalaan ang may pangunahing tungkulin sa pagtatanggol ng ating bansa?
    A. ROTC
    B. Kagawarang Panlakas
    C. Hukbong Katihan ng Pilipinas
    D. Sandatahang Lakas ng Pilipinas

26. Karapatan ng bawat estado ng pamahalaan ang sarili ng hindi pinakikialaman ng ibang bansa.
    A. Pantay na pribilehiyo
    B. Karapatan sa Kalayaan
    C. Karapatan sa pagmamay-ari
    D. Karapatang makipag-ugnayan

27. Karapatan ng estadong gumawa at ipatupad ang mga batas at kautusan sa kanyang nasasakupan
    A. Karapatan sa Kalayaan
    B. Karapatan sa pagmamay-ari
    C. Karapatang makipag-ugnayan
    D. Karapatan sasaklaw na kapangyarihan

28. Ang pagpapadala ng mga diplomat sa ibang bansa at pagtanggap din ng mga embahada nito sa ating bansa ay karapatan ng bansa.
    A. Pantay na pribilehiyo
    B. Karapatan sa Kalayaan
    C. Karapatan sa pagmamay-ari
    D. Karapatang makipag-ugnayan

29. Sino ang pangulo ng bansa ng itakda ang Bell Trade Act?
    A. Manuel Roxas
    B. Sergio Osmeña
    C. Ferdinand Marcos
    D. Ramon Magsaysay



LIVEWORKSHEETS

30. Sinong pangulo ang nagtatag ng President Action Committee on Social Amelioration?
    A. Carlos Garcia
    B. Elpidio Quirino
    C. Ramon Magsaysay

31. Sino sa mga naging pangulo ng bansa ang tinaguriang Idolo ng Masa?
    A. Manuel Roxas
    B. Sergio Osmeña
    C. Ferdinand Marcos
    D. Ramon Magsaysay

32. Sino ang pangulong nagpatupad ng Batas Militar?
    A. Manuel Roxas
    B. Ferdinand Marcos
    C. Ramon Magsaysay
    D. Diosdado Macapagal

33. Ano ang ikinamatay ni pangulong Ramon Magsaysay?
    A. malaria
    B. tuberculosis
    C. atake sa puso
    D. pagbagsak ng eroplano

34. Paano naging matagumpay ang pamahalaan sa pagtatag ng kapayapaan sa bansa?
    A. Napasuko ang mga Huk.
    B. Nabigyan ng tulong ang mga Huk.
    C. Napaalis ang mga dayuhan sa bansa.
    D. Nakapagtatag ng bagong Base Militar ang Estados Unidos sa bansa.

35. Paano tinulungan ng pamahalaan ang mga magsasaka?
    A. Binigyan ng lupang sasakahin.
    B. Binigyan ng perang pampuhunan sa pangangalakal.
    C. Binigyan ng pagkakataong mabili ang mga lupang sinasaka.
    D. Binigyan ng pera para sa pag-aaral ng agrikultura sa kolehiyo.

36. Kung ikaw ang pangulo ng bansa, paano mo lulutasin ang mga problema sa mga samahang tulad ng Huk?
    A.Pagpapabuti ng kabuhayan ng mamamayan upang hindi sila mahikayat maging komunista.
    B.Pagpapatupad ng batas militar sa buong bansa upang matakot ang mga tao na lumaban sa pamahalaan.
    C.Paghingi ng tulong sa mga makapangyarihang bansa na dati ng sumakop sa atin tulad ng Estados Unidos.
    D.Hulihin at ikulong ang sinumang pinaghihinalaan na sumapi o tumutulong sa mga komunista upang di tularan.

37. Bilang isang mamamayan paano ka makatutulong sa pamahalaan sa paglutas ng mga suliraning nakahahadlang ng pag-unlad ng bansa?
    A. Maging produktibong mamamayan.
    B. Magtatag ng mga samahang makakaliwa.
    C. Humingi ng donasyon sa mga mayayamang bansa.
    D. Gamitin ng walang pakundangan ang ating mga likas na yaman.



LIVEWORKSHEETS

38. Sa iyong palagay nakatulong ba ang ang malawakang programang pang imprastraktura tulad ng paggawang kalye, tulay, irrigasyon, paaralan at iba pa?
    A. Oo, dahil mapapabilis ang pag unlad ng bansa.
    B. Oo, sapagkat ito ay tanda ng kaunlaran ng isang bansa.
    C. Hindi,dahil wla itong epekto sa pamumuhay ng mga tao.
    D. Hindi,sapagkat mga mayayaman lamang ang nakikinabang dito.

39. Ang mga sumusunod ay program ni pangulong Marcos para sa kaunlaran ng bansa. Alin dito ang hindi nakatutulong?
    A. Pagsisimula ng Green Revolution
    B. Pagsasaayos ng maliit at malaking industriya
    C. Pagpapatupad ng batas militar sa buong Pilipinas.
    D. Pasasakatuparan ng higit na malawak na programa ng reporma sa lupa.

40. Si pangulong Magsaysay ay tinaguriang Idolo ng Masa dahil sa kanyang mga programa. Alin sa mga ito ang hindi nya nagawa?
    A. Pagpapasuko sa mga Huk.
    B. Paglalapit ng pamahalaan at mamamayan.
    C. Pagtulong sa mga pamayanang Indigenous.
    D. Patakarang Pilipino Muna o Filipino First Policy.

41. Bakit pinatupad ang Filipino First Policy?
    A. Para una munang makapaglakbay ang mga Pilipino.
    B. Para unang bigyan ng hanapbuhay ang mga Pilipino.
    C. Para unang bigyan ng perang magagasta ang mga Pilipino.
    D. Para unang bigyan ng pagkakataon ang mga Pilipino sa pagpapaunlad ng kabuhayan.

42. Sino ang unang naging pangulo ng ikatlong republika na humarap sa mga suliraning idinulot ng digmaan?
    A. Caros Garcia
    B. Elpidio Quirino
    C. Manuel Roxas
    D. Sergio Osmeña

43. Sa iyong palagay paano kaya mabibigyan ng solusyon ang patuloy na nagiging problema ng bansa?
    A. Paghingi ng tulong sa ibang bansa.
    B. Patuloy na pag-aaklas laban sa pamahalaan.
    C. Sa pamamagitan ng pagsapi sa makakaliwang samahan.
    D. Pagkakaisa at pagtututlungan ng bawat Pilipino para sa kaunlaran.

44. Ang mga sumusunod ay naglalarawan ng suliraning pangkabuhayan pagkatapos ng digmaan. Alin dito ang hindi kabilang?
    A. kriminalidad
    B. pagliligalig ng mga Huk
    C. katiwalian sa pamahalaan
    D. Masaganang ani ng mga magsasaka.



LIVEWORKSHEETS

45. Upang maging maunlad ang bansa, tayo ay dapat _________.
   A. magkagulo
   B. magmahalan
   C. magtulungan
   D. pagliligalig ng mga Huk

46. Ang unang pangulo ng Ikatlong Republika ng Pilipinas:
   A. Manuel Roxas
   B. Jose P. Laurel
   C. Sergio Osmeña
   D. Manuel L. Quezon

47. Ano ang naganap noong Hulyo 4, 1946?
   A. Ipinahayag ang kalayaan ng Amerika.
   B. Naganap ang huling halalan sa ilalim ng Komonwelt.
   C. Ipinahayag ng mga Amerikano ang kalayaan ng Pilipinas.
   D. Ipinahayag ni McArthur ang pagtatatag muli ng Pamahalaang Komonwelt sa Tacloban.

48. Ano ang pangunahing suliraning pangkapayapaan ng administrasyong Quirino?
   A. Huk
   B. Gerilya
   C. Terorismo
   D. Militarisasyon

49. Ang lahat ay programa ng administrasyong Quirino **MALIBAN** sa isa.
   A. RFC
   B. ACCFA
   C. PACSA
   D. Kasunduang Quirino-Foster

50. Sinong pangulo ang nakatulong nang lubos upang mapasuko ang mga Huk?
   A. Elpidio Quirino
   B. Carlos P. Garcia
   C. Ramon Magsaysay
   D. Diosdado Macapagal



LIVEWORKSHEETS